Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
**BAYAN NG SANTA CRUZ**

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN, NOONG IKA-17 NG ABRIL, 2002, ARAW NG MIYERKULES, SA GANAP NA IKA-9:15 NG UMAGA.

*DUMALO:*

| | |
|---|---|
| KGG. ARIEL T. MAGCALAS | PANG. PUNONG BAYAN |
| *Kgg. Florencio C. Odejar* | Kagawad<br>Gumanap na Tagapangulo |
| *Kgg. Louie C. de Leon* | Kagawad |
| *Kgg. Bernardo E. Ison* | Kagawad |
| *Kgg. Roselon F. Pamatmat* | Kagawad |
| *Kgg. Edgardo T. Porca* | Kagawad |
| *Kgg. Eugenio A. Javier, Jr.* | Kagawad |
| *Kgg. Ricardo B. Ramirez* | Kagawad |
| *Kgg. Purita P. Sarmiento* | Kagawad |
| *Kgg. Angelito U. Limjuco* | Kagawad |
| *Kgg. Jeffrey A. Villaseñor* | Kagawad |

*KAPASIYAHAN BLG. 129-T-2002*

*KAPASIYAHANG TINATANGGAP ANG KAHILINGAN NG KAPITBISIG NG MAGKAKAPITBAHAY HOMEOWNERS ASSOCIATION, INC. NA MAGING ORIGINATOR ANG PAMAHALAANG BAYAN PARA SA PAG-UTANG NG NATURANG SAMAHAN SA NATIONAL HOME MORTGAGE FINANCE CORPORATION (NHMFC).*

*SAPAGKA'T,* may kahilingang iniharap sa sangguniang ito ang Kapitbisig ng Magkakapitbahay Homeowners Asso., Inc. sa bayang ito na maging originator ang pamahalaang bayan para sa pag-utang ng naturang samahan sa National Home Mortgage Finance Corp. sa ilalim ng Community Mortgage program ng pamahalaang nasyunal;

*SAPAGKA'T,* matapos ang pagtalakay at malaman ng sangguniang ito mula sa kinauukulang tauhan ng pamahalaang bayan ang pagpapatunay ukol sa paghingi ng mga kailangang dokumento sa pag-utang ng samahan kaakibat ang pag-aatas ng mga may kinalamang tauhan ng NHMFC ay ipinasya ng Lupon sa Sabdibisyon na pagtibayin ang kahilingang nabanggit.

*KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,* sa mungkahi ng Kgg. Kag. Edgardo T. Porca, na pinangalawahan ng higit na nakararaming mga kagawad na kinabibilangan ng mga Kgg. Kag. Angelito U. Limjuco, Roselon F. Pamatmat, Bernardo E. Ison, Purita P. Sarmiento at Ricardo B. Ramirez, ay

*PINAGPASIYAHAN* : Na tanggapin ang kahilingan ng Kapitbisig ng Magkakapitbahay Homeowners Association, Inc. na maging originator ang pamahalaang bayan para sa pag-utang ng naturang samahan sa National Home Mortgage Finance Corporation (NHMF).

*INIUUTOS:* Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Punong Bayan, Kapit Bisig ng Magkakapitbahay Homeowners Association, Inc. at National Home Mortgage Finance Corporation, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

*PINAGTITIBAY.*

*PINATUTUNAYAN* kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

JEANETTE P. ALFONSO
*Kalihim ng Sangguniang Bayan*

NAGPATUTOO:

KGG. FLORENCIO C. ODEJAR
Kagawad
Gumanap na Tagapangulo

PINAGTIBAY:

KGG. INHR. DOMINGO G. PANGANIBAN
Punong Bayan

rcvd by [illegible] 4/29/02

169